Fujimino International Culture Exchange Center
http://www.alpha-net.ne.jp/users2/ficec/

◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆ タガログ語 ◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆

● Malusog na katawan, nagbibigay sigla sa pamilya.

# Basic Health Checkups

Libre

Baka kayo ay may nararamdaman, halina't magpatingin para maagapan! Lahat ay kailangang mag-ingat, lalung-lalo na ang mga nagtratrabaho at sumusuporta sa kanilang pamilya.

■ Sinu-sino mula 40 taon gulang pataas, (mga ipinanganak mula Marso 31,1965 pataas),mga banyagang residenteng nakarehistro maliban sa sinuman na kasama sa public medical insurance at may regular na health checkup sa trabaho.

■ Medikal na pagsusuri Mga kailangang tingnan (mga tanong para sa medikal na pagsusuri, pisikal na sukat, blood pressure, pagsusuri sa ihi ,sa atay, kidney, internal medicine, lipid test {total cholesterol, HDL cholesterol, triglyceride, Blood-sugar level, anemia, Opsyonal na pagsusuri (electrocardiograph test, funduscopy, HbAlc test)

☺**Mayroong colon cancer, lung cancer at viral hepatitis test sa regular na pagsusuri.**

■ Kailan: hanggang katapusan ng Nobyembre, 2004

■ Kabayaran sa pagsusuri: Libre

■ Paano: Tumawag at makipag-ugnayan sa mga nakatalagang klinika na nakalista sa impormasyong ipinadala sa inyong pamilya. Kung may mga katanungan, tumawag sa ekslusibong linya para sa mga dayuhang residente
TEL. 253-7744, FICEC Foreign Advisory center.

(Mga detalye sa regular na pagsusuri o health check-up, takda ng pagsusuri, medical instutusyon o kabayaran ay halos pareho sa dalawang bayan at dalawang siyudad.)

●Iba pang pagsusuri para sa mga kababaihan hanggang katapusan ng Nobyembre
Stomach cancer (mula 40 pataas, \500), colon at lung cancer (mula 40 pataas, libre)
Breast cancer (mula 30 pataas; questionnaire・ inspection・ palpation, \400 )
Uterine cancer (mula 30 pataas, questionnaire・ inspection・ cervical canal cyto-diagnosis, \1000 )

**Fujimino International Culture Exchange Center**
**http://www.alpha-net.ne.jp/users2/ficec/**

◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆ タガログ語 ◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆

## 2004 Internasyonal na Pagpupulong (Fujimishi) Pista para sa mga banyagang residente heart to heart de o Tomodachi

Isang taunang kasayahan na ipinagdiriwang ng iba't ibang nasyonalidad, Hapon at iba-ibang kultura.

Kailan　Oktubre 17 (Linggo) 12:30~16:30

Saan　Fujimi Municipal Fujimino Koryu center

Programa　Unang Bahagi 「Halina't matuto ng banyagang kultura」・・・Isukat ang pambansang kasuotan o kimono at magpakuha ng litrato, Japanese at Chinese tea ceremony, matuto ng tai chi, seal engraving, magpakita ng pagganap ng Wadaiko, subukan sumulat ng sulat Hapon, pagsusulit sa pandaigdigang nangyayari at iba pa.

Ikalawang Bahagi 「Mga Opinyon ng mga banyagang residente sa Japan」
Tatalakayin ng mga banyagang residente kung ano ang kanilang masasabi tungkol sa Japan, mga pananaw , paano makisalamuha at iba pa.

## Isang Paanyaya! Pin-pong lover Isang Palaro! Kamifukuoka-shi

Sama-sama! Magagaling, baguhan at mahuhusay na manlalaro! Matapos maglaro, masiyahan sa masaganang Pilipinong tanghalian.

Kailan: Oktubre 31 (Linggo) 10:00~14:00

Saan: Kamifukuoka municipal Komabayashi gym (Saginomori elementary school gym 2 floor)

Programa: matutong maglaro kasama ng table tennis club at isang exhibition match

Pickup: mayroong pickup service, kung kailangan.

Para sa mga bata na ang magulang ay banyaga at kanilang tagapag-alaga

## Huling konsultasyon, gabay para sa high school

Kailan: Oktubre 3 (Linggo) 13:00~16:00

Saan: Koshigaya kaijyo (Koshigaya Tyuo Shiminkaikan 5floor

5 minutong lakad mula sa Koshigaya station, Tobu Isesaki line

Paano: Ipadala ang pangalan,Tel no,tirahan,antas sa eskwela,nasyonalidad at iba pang kailangan sa Saitama International Association. Fax no 048-833-3291

Sponsor: Sainokuni Saitama Kokusaikoryu・kyuryoku network

★★★★★★★★★★★★★★★

## Workbook para sa mga Bagong Mag-aaral ng Nihonggo

**Hiragana workbook**

**Katakana workbook**

Ang FICEC ay naglathala ng Hiragana and Katakana workbook para sa mga baguhang nag-aaral ng Nihonggo. Ang mga librong ito ay makakatulong ng malaki. Ito ay nagkakahalaga ng ¥320 kada copya. Sa mga interesadong bumili, tumawag sa numerong ito: **Tel No. 049-275-0370**